



Pagbibigay ng Pagkain sa pamamagitan ng Tubo

Tagalog

“Hiningi sa akin na magdesisyon ako tungkol sa tubong pagdadaan ng pagkain...”

Ang paggawa ng desisyon tungkol sa pangmatagalang tubo na pagdadaan ng pagkain para sa inyong sarili o minamahal ay maaaring malaking hamon at mahirap gawin. Sinabi sa amin ng mga naharap sa ganoong desisyon na nakatulong ang pagkakaroon ng mga tapat na kasagutan sa kanilang mga tanong.

GAYUNPAMAN... Bawat sitwasyon ay naiiba... ang nakakatulong sa isang tao na may panandaliang naitatamang problema sa pagkain ay maaaring hindi siyang pinakamabuti sa pangmatagalang paggamit para sa isang tao na may malalang karamdaman o matanda na.

Kōkua Mau - Hawai‘i Hospice and Palliative Care Organization

What is tube feeding?

Ano ang tubong pagdadaan ng pagkain?

Ang artipisyal na nutrisyon at pagbibigay ng tubig ay isang paraan ng pagbibigay ng likido at mga sustansya sa mga taong hindi nakakain o nakakinom sa pamamagitan ng bibig. Karaniwan, para sa panandaliang artipisyal na nutrisyon at pagbibigay ng tubig, inilalagay ang isang mahabang tubo (tinatawag na nasogastric o “NG” tube) sa ilong ng pasyente at dito idinadaan ang likidong pagkain patungo sa tiyan. Para sa pangmatagalang artipisyal na nutrisyon at pagbibigay ng tubig, maaaring direktang ilagay ang tubo sa pamamagitan ng balat tungo sa tiyan, tinatawag na gastric o “G” tube o PEG tube (Percutaneous Endoscopic Gastrostomy) o sa mga bituka (tinatawag na jejunal o “J” tube). Minsan ibinibigay ang mga likido sa pamamagitan ng ugat (IV).

Who is helped most by having a feeding tube?

Sino ang pinaka-natutulongan ng tubong pagdadaan ng pagkain?

Ang mga taong nakakapagsarili ngunit tumatanggap ng chemotherapy o radiation para sa partikular na mga kanser o ilang taong nakaligtas sa stroke na nasa rehabilitasyon na ang kakayahang lumunok ay inaasahang mapapanumbalik ay maaaring makinabang sa mga pansamantalang tubong pagdadaan ng pagkain.

ipinagpapatuloy sa susunod na pahina

Where are feeding tubes less helpful.

Kailan hindi nakakatulong ang mga tubong pagdadaan ng pagkain?

Kapag nawala ng mga indibidwal ang kanilang kakayahang lumunok o mawala ang kanilang interes sa pagkain, madalas na palatandaan ito ng paglala ng kanilang sakit. Kapag nangyari ito, nalalagay ang katawan sa natural na paglala tungo sa pagwawakas ng buhay. Ang ganitong normal na tendensiya ng katawan na ayaw kumain o uminom ay tumutulong sa katawan na gumawa ng sarili nitong mga kemikal (tinatawag na mga endorphin) upang maging komportable ito. Minsan ang isang may-edad na indibidwal na hindi na-diagnose bilang may-sakit ay nagsisimula pa ring mawalan ng interes sa pagkain. Kung ang pasyente ay hindi naman mukhang nalulungkot nang sobra at walang iba pang pisikal na sanhi, maaaring isa itong natural na proseso na minsan ay tinatawag na “Adult Failure to Thrive”.

Will y loved one starve?

Magugutom ba ang aking mahal sa buhay?

Natatakot ang ilang tao na ang hindi pagbibigay ng tubong pagdadaan ng pagkain ay nangangahulugan na hinahayaan nilang “mamatay sa gutom” ang kanilang mahal sa buhay. Hindi ito totoo. Ang pagkagutom ay nangyayari kapag pinagkaitan ng pagkain ang isang taong ang katawan ay nangangailangan at nakakayang gamitin ang mga sustansya. Kapag nagsimulang mag-shut down ang katawan ng isang tao, maaaring hindi nakakaya ng katawan nila na gamitin nang husto ang mga sustansya na ibinibigay ng pagpapakain sa pamamagitan ng tubo, at tumataas ang posibilidad ng pamamaga at kawalan ng ginhawa.

ISANG GABAY PARA SA PAGDEDESISYON

ISANG GABAY PARA SA PAGDEDESISYON

What are some possible complications related to feeding tubes?

Ano ang ilang posibleng mga komplikasyon na nauugnay sa mga tubong pagdadaan ng pagkain?

Ang mga tubong pagdadaan ng pagkain ay maaaring hindi magdulot ng mga problema, ngunit natukoy na ang ilang komplikasyon tulad ng: pagdurugo (1%), impeksiyon at iritasyon ng balat (1-4%), pagtagas sa paligid ng tubo (4%), pagsusuka o pagduduwal (9-10%) at pagtatae o pamumulikat (12%). Kung ang pasyente ay nahihirapang makipag-usap maaaring mahirap masabi kung nagdudulot ng kawalang ginhawa ang tubong pagdadaan ng pagkain.

Will a feeding tube prevent pneumonia?

Makakatulong ba ang tubong pagdadaan ng pagkain para maiwasan ang pulmonya?

Ipinakita ng mga natuklasan mula sa ilang kamakailan lang na pag-aaral sa mga indibidwal na may late stage dementia o malalang terminal na karamdaman na walang ebidensiyang pinipigilan ng tubong pagdadaan ng pagkain ang pulmonya. Sa ilang kaso, maaaring tumaas ang panganib sa pulmonya sa paggamit ng mga tubong pagdadaan ng pagkain.

Does a feeding tube lower the risk for getting pressure ulcers or help them heal if they are already there?

Pinapababa ba ng tubong pagdadaan ng pagkain ang panganib ng pagkakaroon ng mga pressure ulcer o nakakatulong sa paggaling ng mga ito?

Walang ebidensiya na pipigilan ng tubong pagdadaan ng pagkain ang mga pressure ulcer (mga bed sore) o tumutulong sa paggaling ng mga ito para sa mga nasa malalang yugto ng isang terminal na karamdaman. Ang pagtaas ng produksiyon ng ihi at dumi mula sa mga pagpapakain sa pamamagitan ng tubo ay nagpapataas sa panganib ng pagkasira ng balat.

Does a feeding tube improve comfort and prevent suffering?

Nagbibigay ba ang tubong pagdadaan ng pagkain ng ginhawa at pinipigilan ang paghihirap?

Para sa mga may pansamantalang problema sa paglunok dahil sa mga kondisyon ng bibig o lalamunan, maaaring pagaanin ng pagpapakain sa pamamagitan ng tubo ang nauugnay na pananakit at magbigay ng pansamantalang pansuportang nutrisyon. Sa advanced dementia, o Adult Failure to Thrive, ang pagkakaroon ng tubo ay maaaring maging sanhi ng pagkabalisa at pagtatangkang tanggalin ito. Sa ilang kaso, maaaring magbunsod ng paggamit ng mga pampigil na nakakabawas sa ginhawa. Sa aktibong yugto ng pagkamatay, ang patuloy na pagpapakain sa pamamagitan ng tubo ay maaaring maging sanhi ng sobrang likido sa katawan at mahirapang huminga ang pasyente.

Isang buod ng mga pag-aaral, alituntunin, at mga pagpapahayag ng opinyon ng eksperto ang makikita sa Coalition for Compassionate Care of California web site: www.CoalitionCCC.org

What else should be considered when making a decision about a feeding tube?

Ano pa ang dapat isaalang-alang kapag nagdedesisyon tungkol sa tubong pagdadaan ng pagkain?

Mahirap ihiwalay ang ating pagmamahal at respeto para sa isang tao mula sa maaaring pinakamabuting desisyon para sa taong iyon. Anumang desisyon tungkol sa pagpapakain sa pamamagitan ng tubo ay kailangang gawin nang may pagsasaalang-alang sa pangkabuuang kalagayan ng kalusugan at pangkalahatang layunin ng pangangalaga. Ang pagpigil sa paghihirap ang dapat pinakamalaking batayan ng pagsusuri sa mga indibidwal na panganib at pakinabang. Makakatulong kung itatanong ang, "Magiging mas matimbang ba nang sapat ang pakinabang ng tubo kaysa sa anumang mga panganib o kawalan ng ginhawa?"

Ang paglilinaw sa mga pinahahalagahang pansarili, panrelihiyon at pangkultura sa podria ng pangkabuuang prognosis at inaasahang itatagal ng buhay ay maaaring makatulong sa pagdedesisyon.

What choice do I have if I decide not to have a ft?

Ano ang pagpipilian ko kung magdedesisyon akong huwag gumamit ng tubong pagdadaan ng pagkain?

Para sa mga tao na mayroon pang nalalabing kakayahang lumunok, maaaring subukan ang maingat na pagpapakain sa pamamagitan ng pagsusubo. Maaaring ialok ang pakonti-konting paboritong pagkain. Para sa mga hindi nakakakonsumsi ng pagkain at inumin, ang pagpapanatili ng mabuting pangangalaga ng bibig at pagbibigay ng mga ice chip o mamasang swab ay makakagaan ng tuyong labi at magbibigay ng ginhawa. Ito ang panahon para sa masidhing pang-indibidwal na pangangalaga para magbigay ng ginhawa.

Is there more to know or do?

Mayroon pa ba akong dapat malaman o gawin?

Ang inyong mga kagustuhan para sa pagpapakain sa pamamagitan ng tubo ay dapat nakasaad sa inyong Advance Directive at/o sa inyong POLST (Provider Orders for Life Sustaining Treatment.) Makikita ang impormasyon tungkol sa mga Advance Directive sa: www.kokuamau.org/resources/advance-directives

Ang impormasyon sa POLST at form ng POLST, na kailangang kumpletuhin ng isang doktor o advanced practice registered nurse (APRN) na nakalisensiya sa Estado ng Hawai'i, ay makikita sa Kōkua Mau website: www.kokuamau.org/polst

Ang dokumentong ito at mga babasahin sa mga iba pang lengguwahe, tulad ng Mga Advance Directive o POLST, ay makukuha mula sa inyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan, doktor, o kompanya ng insurance sa kalusugan o sa website ng Kōkua Mau sa www.kokuamau.org/languages.



Kōkua Mau

“Nagpapatuloy na Pangangalaga”

Hawai'i Hospice and Palliative Care
Organization

Tel: (808) 585-9977 • www.kokuamau.org • info@kokuamau.org

Kōkua Mau • P.O. Box 62155 • Honolulu HI 96839

Hinango mula sa mga materyales na ginawa ng Coalition of Compassionate
Care of California - www.CoalitionCCC.org

Enero 2016